# PAGLALAGAY NG MGA SAKO NG BUHANGIN: MGA TAGUBILIN AT GABAY

**MGA SAKO NG BUHANGIN**

Ang mga sako ng buhangin, kapag wastong napuno at nailagay, ay maglilihis sa pag-agos ng tubig at mga kalat at abo palayo sa mga inayos na bahagi ng ari-arian.

**PAGPUPUNO**

1. Lagyan ng buhangin ang mga sako nang hanggang sa kalahati nito. Iminumungkahi ang buhangin kung madaling makakakuha; gayunpaman, hindi kinakailangan na buhangin ang ilagay, maaaring gumamit ng anumang lupa sa lugar.

2. Para sa mas matibay na bag na mas matagal na magagamit, maghalo sa 10 parts ng buhangin o lupa ng 1 part ng semento. Maaaring haluin at patuyuin ang mga materyales. Kapag nailagay na ang lahat ng bag sa puwesto, inirerekomenda na magwisik ng kaunting tubig dito. Ang pamamaraang ito ay epektibo lamang sa mga sako ng buhangin na gawa sa burlap at hindi magagawa sa mga plastik na sako ng buhangin.

**PAGLALAGAY**

Itupi pababa ang itaas na bahagi ng sako ng buhangin at iilalim sa sako ang nakatuping itaas na bahagi nito **(Larawan 4, pahina 13).**

Mahalagang ipuwesto ang mga sako nang nakaharap ang nakatuping bahagi sa direksyon ng agos o paakyat na direksyon upang maiwasan ang pagbukas ng mga sako kapag dumadaloy ang tubig sa mga ito.


Dapat maging maingat sa pagpapatong-patong ng mga sako ng buhangin gaya ng nasa mga ilustrasyon. Isaayos ang bawat sako ng buhangin nang gaya ng ipinapakita sa pagkumpleto ng bawat patong bago magsimula ng susunod na patong. Limitahan ang paglalagay sa dalawang patong maliban na lang kung nakasandal ito sa pader bilang suporta o naka-pyramid ang mga sako ng buhangin **(Mga Larawan 5-11, pahina 15-18).**

**MGA LIMITASYON**


1. Hindi mapipigilan nang tuluyan ng mga sako ng buhangin ang tubig.

2. Ang mga sako ng buhangin na burlap na pinuno ng buhangin at lupa ay nasisira kalaunan kapag ilang buwan nang paulit-ulit na nababasa at natutuyo. Kung masyadong maaga ang paglalagay ng mga sako, maaaring hindi maging epektibo ang mga ito kapag kinakailangan na.


3. Ang mga sako ng buhangin ay karaniwang para sa proteksyon laban sa mababang pag-agos (hanggang 2 talampakan).





Larawan 4 PAGLALAGAY NG SAKO NG BUHANGIN





Larawan 5-6 PAGPAPATONG-PATONG NG SAKO NG BUHANGIN





Larawan 7 PAGDIREKTA SA MGA NAIWANG KALAT O GUHO PALAYO MULA SA GUSALI




Larawan 8 PAGKONTROL NG MGA PAG-AGOS NG NAIWANG KALAT O GUHO O TUBIG-ULAN SA MGA KALYE





Larawan 9 PAGDIREKTA NG MGA PAG-AGOS SA PAGITAN NG MGA GUSALI




Larawan 10 PAGPROTEKTA SA GUSALI

**BABALA: Huwag gumamit ng dayami o mga bale ng dayami kapalit ng mga sako ng buhangin. Ang mga ito ay hindi kasinghusay ng mga sako ng buhangin at maaaring maanod.**




Larawan 11 PAGLALAGAY NG HARANG SA SLIDING GLASS DOOR
Pagkontrol sa mga pag-agos upang maiwasan ang pagpasok ng tubig sa mga sliding glass door.

***KINUHA ANG MATERYAL MULA SA GABAY NG COUNTY OF LOS ANGELES PUBLIC WORKS PARA SA MAY-ARI NG BAHAY PARA SA PAGKONTROL NG PAGBAHA, MGA KALAT AT GUHO, AT EROSYON (PAHINA 13-18)***